Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAISAHAN KAUNLARAN KARUNUNGAN 25

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-18
Serye 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA PROYEKTONG "KAYAMANANG PANGWIKA BILANG PAMANANG BAYAN: PANGONGOLEKTA AT PAGSUSURI NG MGA KORPUS AT PAGPAPANGKAT NG MGA WIKA"

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang proyektong "Kayamanang Pangwika bilang Pamanang Bayan: Pangongolekta at Pagsusuri ng mga Korpus at Pagpapangkat ng mga Wika" na isang proyektong nakatuon sa pagbuo ng database para sa korpus ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas na may layuning matipon ang mga artikulo sa iba't ibang larang na nakasulat sa Filipino at makabuo ng software para sa spelling at grammar checker sa Filipino;

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ang KWF ng pondong PHP899,829 para sa pagpapatupad ng proyektong ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
-18
Petsa: 7/05/16 Oras: 1105
Ni:
YUNIT NG MGA KASULATAN

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-18
Serye 2016

KOM. PURIFICACION DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad